

PROLOGUE

Matapos mai-park ang kotse kahit hindi sigurado kung maayos nga ang pagkaka-park ay umibis na ng driver seat si Aleana at patakbong pumasok ng hospital. Tiyak ang mga hakbang niya kung saang kuwarto siya tutungo.

“Dad!” tawag agad niya nang buksan niya ang pinto. Naabutan niya ang family doctor nila na si Dr. Maniego na nasa gilid ng hospital bed. Ang daddy niya naman ay tulog na tulog habang nakaupo ang katulong nilang si Lolita sa gilid. Tuluyan na siyang pumasok ng kuwarto. “Doc, how’s my dad?” puno ng concern ang boses na aniya sa manggagamot.

“Your father is fine now. He had a mild heart attack. Nanikip ang coronary arteries niya kaya nahirapan siyang huminga.”

“What may have caused it, Doc?”

“It is not always clear what causes a coronary artery spasm. Pero kung minsan, it can be related to cigarette smoking, emotional depression or stress, exposure to extreme cold or taking illegal drugs. In your dad’s case, it may be depression or the constant

smoking.”

“Matagal ko na siyang pinagsasabihang itigil niya na ang paninigarilyo, Doc. Ang tigas pa rin ng ulo, eh.”

Napailing ito. “Knowing William, hindi na ’ko nagtataka. He’s not getting any younger so I advised him to take a rest for a week or so. Also, ilayo n’yo siya sa anumang depression that might trigger another attack. I cannot guarantee na magiging mild pa rin ang susunod kapag lumala ang lahat.”

“Depression?” Napuno ng pagtataka ang mukha niya.

Tumango ito. “Bukod sa bisyo niya, wala na ’kong ibang makitang dahilan kung bakit nangyari ito.”

“Pero wala naman akong alam na maaari niyang ika-depress. Our business is doing very well. ’Andito ako at—”

Kumibit ito ng balikat. “Maybe he has other things in mind na nakapagpapabigat lalo ng dibdib niya. We don’t know. Ang akin lang naman ay possibilities.”

Hindi mawala-wala ang pagtataka sa isip niya kahit nakaalis na ang doktor sa silid. Ano ang maaaring ika-depress ng kanyang ama? Malakas

na malakas pa ang daddy niya kahapon at excited kaninang umaga bago pumunta ng opisina. He was supposed to go to Los Angeles today for a vacation. Birthday gift niya iyon sa ama who just turned fifty-seven last week. Masyado kasi itong workaholic kaya pinilit niya talagang magbakasyon muna ito.

Kaya naman nagulat na lang siya kanina nang biglang tumawag ang katulong nila sa kanya para sabihing inatake sa puso ang ama. Nabahala siya nang todo kaya kahit nasa kalagitnaan siya ng meeting ay tinapos na agad niya iyon para makapunta ng hospital.

Naaawang pinagmasdan niya ang pasyente. Base sa nakikita niyang paghihirap ng mukha nito, naniniwala na siya sa sinasabi ng doctor. Halata ang paghihirap sa mukha nito na kailanman ay hindi niya nakita noon maging sa tuwing nagkakaroon sila ng problema sa negosyo. Tila ang bigat-bigat ng dinadala nito.

Bakit biglang-bigla?

“Ma’am...” untag ni Lolita sa kanya. Nakalimutan niyang nandoon pa pala ito. Inangat niya ang mukha at nakita ang isang yellowish na papel na hawak nito. “Nakita po namin kanina sa sahig. Hawak-hawak po ni Sir William n’ung inatake siya.”

“Salamat, Lolita.” Tinanggap niya ang inabot nito. Pinagmasdan niya ang papel. Lumang-luma na iyon at kung hindi pag-iingatan ng humahawak ay tiyak na mapupunit.

Napakunot-noo si Aleana nang mabasa na nakapangalan sa ama niya ang sulat. May kung anong nagbubulong sa kanya na buksan iyon.

Yam,

I'm sorry if I didn't have the guts to tell you this in person. I can't face your anger so I decided to leave. For good. I'm sorry for loving you so much and for destroying our friendship. You know how much I love you. And I can't go on pretending I'm okay with us just being friends. I can't do that anymore. It just hurts knowing that the love of my life is so near and yet he can never love me back the way I wanted him to.

So I think it's best if I stay away from you. Hindi na natin kayang ibalik pa ang panahon noong mga bata pa tayo. Alam kong makasarili ako. And again, I'm so sorry for doing this. I wish you all the best in life and may you find the perfect girl for you. As for me, well, I think you do have

Faithful Love - Jean Mae Oryza

an idea already. I will always love you at wala nang ibang lalaking puwedeng umagaw ng lugar mo sa puso ko.

With Love,

Cam

PS: I wanted to say goodbye forever, but my heart won't let me. I love you, Yam, and if you feel the same way, YOU KNOW WHAT TO DO.

Maingat na itiniklop ni Aleana ang sulat pagkatapos iyong basahin nang tahimik. At pagkatapos ay nauwi sa malalim na pag-iisip ang pag-aalala sa ama. Sino si Cam sa buhay ng daddy niya?

“Dad, can I ask you something?” Pagkatapos ng ilang minutong pag-aalinlangan ay naibulalas na rin ni Aleana ang kanina pa gustong itanong sa ama.

Itinigil nito ang pagbabasa ng diyaryo. Iyon ay kung nagbabasa nga ito. Panay ang lipat nito ng mga pahina na hindi nito madalas gawin dati. Napansin

niya rin kanina pa na hindi pa nito nagagalaw ang pagkain.

Alam niyang hindi pa okay ang daddy niya. Nahahalata niya. Ang laki ng ibinagsak ng katawan nito simula nang lumabas ito ng ospital. Palagi pa itong tahimik at nahuhuli niyang nakatulala kung minsan at malayo ang tingin. Pilit nitong itinatago sa kanya ang nararamdaman nito, pero hindi siya naging ampon nito sa loob ng dalawampung taon kung hindi niya mapapansin ang maliliit na bagay na nagbago rito.

“Of course, sweetie. What is it?” Ngumiti pa ito. And again, those smiles never reached his eyes.

Inalis niya muna ang bara sa lalamunan at bumuntong-hininga. “Who’s Cam?”

As expected ay natigilan ito sa tanong niya.

Ilang minuto rin silang nagtitigan. Siya ay hinihintay ang sagot nito at ang ama naman ay tila nag-aatubili kung magsasabi ng totoo sa kanya o hindi. Hanggang sa ito ang unang nagbaba ng tingin. Pero bago iyon, napansin ni Aleana ang paglambong ng lungkot sa mga mata nito. Gusto niya sanang bawiin ang tinanong dahil baka mapaano muli ito. Pero hindi niya na kayang gawin pa iyon.

“How did you know about Cam? And when?”

“Last week. Nabasa ko ’yung sulat niya para sa ’yo n’ung inatake ka.” At hanggang ngayon ay nasa kanya pa rin ang liham na iyon. “Ang sabi ng katulong, you were holding it when it happened.”

Namayani ang ilang minutong katahimikan sa pagitan nila. Ayaw niya sanang itanong iyon sa ama dahil natatakot siyang baka atakehin na naman ito sa puso. Malakas pa rin ang kutob niyang si Cam ang dahilan ng mild stroke ng ama. Pero dahil ilang araw na rin siyang hindi mapalagay at naapektuhan na rin ang trabaho niya, nagdesisyon siyang tanungin na ito.

“Cam is my best friend,” sa wakas ay sabi nito. “Bata pa lang kami ay magkasama na kami.”

“Nasaan na siya ngayon?”

Kumibit ito ng balikat. “I don’t know. Matagal na akong walang balita sa kanya. Siguro ay nasa malayo na. We lost touch and I haven’t seen her since. And besides, I was never proud of what I did to her kaya pilit kong kinakalimutan ang nakaraan namin.” Malungkot itong ngumiti sa kanya.

“Why? Ano ba’ng ginawa mo sa kanya?” hindi niya napigilang itanong.

Faithful Love - Jean Mae Oryza

Nang ampunin siya nito ay workaholic na ito. Masyado itong pormal sa opisina, pero kapag magkasama sila ay masaya ito. Akala niya ay wala itong tinatagong mabigat. Kung hindi pa nalagay sa panganib ang buhay nito, hindi niya iyon malalaman.

Tumingin ito sa relong suot nito. “Male-late ka na sa opisina.”

Wala nang nagawa si Aleana kundi tumango na lang. Hindi na rin niya inulit ang tanong. Kilala niya ang ama; alam niyang tinatapos na nito ang usapan nila.

1

“Nine in the morning, you have a coffee meeting with Mr. Santos. Then, lunch meeting with the Galvano representatives. Also, Miss Nina wants to know if you’re ready to do the final interview with the prospective new branch manager? Kasi kung oo, I’ll set that at three this afternoon. Would that be fine?” tanong ni Mya sa boss niyang si Aleana.

Nasa loob sila ng malawak nitong office at nakatayo siya sa harap nito habang dinidikta ang appointments nito ngayong araw. Nakahanda na rin ang ballpen niya sakaling sumagot ang dalaga. Pero pagkalipas ng ilang minuto at hindi pa rin nagsasalita ay inangat niya na ang mukha mula sa tinitingnang notes.

Kaya naman pala hindi ito sumasagot. Hindi yata nito narinig ang mga sinabi niya. Sa halip na makinig ay nakatulala lang ito, pinaglalaruan sa isang kamay ang mamahaling sign pen.

Sinadya ni Mya na tumikhim nang malakas sa pagbabakasaling matauhan ito.

Hindi siya nabigo. “I’m sorry, Mya. What were

you saying again?”

Pinagmasdan niya ang mukha ng babae. Hindi na ito iba sa kanya kahit pa sabihing isa lamang siyang sekretarya nito. Magkasing-edad sila at sa loob ng anim na taon niyang pagtatrabaho sa kompanya ng pamilya nito ay napalapit na ang loob nila sa isa't isa. Mas lalo pa silang nagkalapit nang lumipad patungong New York ang best friend nito four years ago. Since then, sa kanya na ito lumalapit sa tuwing hindi nito ma-contact ang matalik na kaibigan. Hindi naging hadlang ang boss-secretary status sa pagkakaibigan nila.

Simula nang maging magkalapit sila ay never na pinaghalo nila ang pagiging magkaibigan at magkatrabaho sa loob ng opisina. Pero ngayon ay mukhang babaliin niya iyon sa unang pagkakataon.

“Do you really want me to repeat everything I just said, or do you want me to cancel all your appointments today so you can rest?”

Napabuga ito ng hangin at napapagod na nangalumbaba sa mesa. Hinipan pa nito ang bangs na naligaw sa mukha nito. “Halata ba 'ko?”

Nakangiting tumango si Mya. Nilapag niya ang notes at ballpen sa mesa at umupo sa harap nito.

“Very obvious.”

“Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko.”

“Problem with the company?” hula niya.

“Sana nga. At least ang kompanya, hindi matigas ang ulo at nasosolusyunan nang mabilis.”

“Si Sir William ba? How is he?” nakangiting tanong niya nang maalalang nagkaroon ng mild stroke ang lalaki noong isang linggo.

“He’s fine. Pero hindi siya ang pinoproblema ko. Well, technically, para na ring siya at ‘yung kalusugan niya.”

Natawa si Mya. “Ano? Paki-elaborate, hija, low ang processor ng utak ko ngayon.”

Napangiti ito sa biro niya. Pero pagkuwan ay sumeryoso nang biglang magbalik sa isip ang pinoproblema. “I was thinking about this certain person named Cam.”

Kumunot ang noo niya. “So who is this Cam? Lalaki ba o babae?”

“A ‘she’ I guess. Or a ‘he’. Or puwede ring ‘he’ na ‘she’...” Parang bigla na namang lumipad sa Mars ang isip ni Aleana. Lagpas ang tingin nito sa ceiling

ng office habang sumasagot.

Nalukot ang mukha ng secretary. “Mas lalong lumabo.”

Nilipat nito sa kanya ang tingin. “Kasi ganito ’yun. When Dad had a heart attack, may nakita ang katulong namin na isang letter na hawak-hawak nito. And it’s not just a letter. It’s a love letter from Cam.”

“Eh di, ‘she’ nga!”

“They were the best of friends. Since they were kids,” dagdag impormasyon nito.

“Maano ba? Hindi na ba puwedeng maging mag-best friends ang opposite sex? Nangyayari naman ’yun lagi, ah.”

“Yeah, but—”

“You’re not thinking that your dad is gay, right?” di-makapaniwalang aniya. Kahit matanda na ang Sir William nila, halata pa rin na habulin ito ng mga babae noong kapanahunan nito.

Itinigil ni Aleana ang pangangalumbaba at tumuwid ng upo. “I can’t help it! Wala akong nabababalitang old flame niya or love interest man lang. Simula nang kunin niya ’ko sa kalsada hanggang sa maging ganito ako, hindi niya pinapansin ang mga

babaeng humahabol sa kanya. And then, nabasa ko 'tong love letter ni Cam. Sa sulat ni Cam, nababasa kong confident na confident siya na mahal din siya ni Dad and that someday ay susundan siya ng daddy ko.”

“Bakit ba di mo na lang tanungin mismo ang daddy mo?” suhestiyon niya.

“I did. Pero umiwas lang siya. The doctor said his mild stroke was caused by depression and his excessive smoking. Itinigil niya na ang paninigarilyo pagkalabas niya ng ospital, pero nahahalata kong malungkot siya. Wala akong ibang makitang dahilan na makakapagpa-depress sa kanya. The company is doing very well! In fact, magkakaroon pa tayo ng bagong company in Hong Kong. I am a good daughter to him at hindi ko siya binibigyan ng sama ng loob. At simula noong nakita namin ang letter ay napansin kong hindi na siya gaya ng dati. Ni hindi ko na siya kailangan pang pilitin na magpahinga muna for a couple of months. Sumang-ayon agad siya last week nang sabihin ko iyon sa kanya!”

“Bakit ba masyado mong iniisip ang Cam na 'yan?”

“Dahil ayokong nakikitang malungkot ang daddy ko. Hindi gan'un ang normal na William Lacsamana.

And it's all because of that Cam! Sa pag-uusap namin kaninang umaga, he did something to this Cam na parang hanggang ngayon ay hindi niya kayang patawarin ang sarili niya. And I don't think dahil lang iyon sa pagtangga niya sa pagmamahal nito. Nararamdaman kong higit pa iyon d'un. Basta over the years, kinikimkim niya ang guilt na 'yun kaya siguro nang mabasa niya ulit ang letter ay lumala lang ang guilt niya."

"Then hire a private investigator!" suhestiyon niya sa amo.

"It's not that simple." Aleana rolled her eyes. "I don't even know kung totoong pangalan 'yung Cam o nickname. Cam calls my dad 'Yam'. Short for William. Eh 'yung Cam? Hindi ko alam kung galing sa una o huli o gitnang syllable ng pangalan niya. It can also be an acronym ng full name niya or whatever! Besides, I want to solve this on my own. As much as possible, ayokong may ma-involve o makaalam na ibang tao. Mahirap na. Hindi ko alam kung ano ba ang talagang dahilan kung bakit nagkahiwalay si Cam at si Dad. Baka kapag ipinagkatiwala ko 'to sa iba, lumala pa ang kung anumang away meron sila. Mas lalo pang made-depress ang daddy ko."

Napatango si Mya. Hangga't hindi pa nito alam

kung ano ang puno't dulo ng lahat, mas makabubuting wala munang makaalam niyon. "You have a point."

"Ayokong nakikitang malungkot ang daddy ko. He's all I have. Kapag may nangyaring masama sa kanya ay hindi ko alam kung ano'ng gagawin ko. I can't live without him. I will do everything and anything for him. Hihintayin ko pa ba na may mangyaring masama ulit sa kanya bago ako kumilos? Even if I'm not one hundred percent sure that this Cam has something to do with my dad's depression, I will still take the risk. I want to find Cam. For my dad, and for my peace of mind."

Naantig siya sa kabaitang ibinibigay ng dalaga sa ama. Hindi lingid sa lahat ng empleyado ng *Lacsamana Group of Companies* na nag-iisang ampon lang si Aleana ni Mr. William Lacsamana. Kailanman ay hindi nag-asawa ang huli at tanging ang dalawa lang ang magkatuwang na nagpalago ng negosyo. Gayunpaman, alam man ng lahat na hindi kadugo ng matandang Lacsamana, hindi iyon nakabawas sa respeto ng mga tao sa dalaga.

Namayani muli ang katahimikan sa pagitan nilang dalawa. Nakatingin lang siya sa amo habang panay ang laro nito sa ballpen na nasa ibabaw ng mesa.

“Saan kaya ako mag-uumpisa?” biglang naitanong nito sa kanya.

“Eh, di sa simula.” Pilit niyang pinagaan ang atmosphere sa pamamagitan ng biro.

Natahimik ito; tila may naiisip. Pagkatapos ay unti-unting ngumiti. “You gave me an idea there.”

“I did?” Nakamatang itinuro ni Mya ang sarili.

Sunud-sunod itong tumango at naging masigla ang kilos. Tumayo ito at inayos ang sarili. Inilabas nito ang shoulder bag na nakatago sa likod ng cabinet at pagkatapos ay humarap sa kanya. “Cancel all my appointments today. May pupuntahan lang akong importante.” Iyon lang at tumalikod na ito.

“S’an ka pupunta?” habol niya. Nabuksan na nito ang pinto noon.

“Sa orphanage. Wish me luck!” Tuluyan na nitong isinara ang pinto.

“Good luck.” Bulong na lang ang ginawa ni Mya. Hanggang ngayon ay hindi niya pa rin masakyan ang mood kung minsan ng babae. Isang minuto, malulungkot at tila pasan ang buong daigdig. Pagkatapos biglang-bigla ay parang batang pinangakuang bibilhan ng *PSP*.

Hindi niya alam kung ano ang nasabi niya na bigla na lang nagpabuhay sa dalaga. At orphanage? Ano ang gagawin nito sa orphanage?

Nasa ganoon siyang pag-iisip nang bigla na lang tumunog ang private line ni Aleana. Napaigtad si Mya. Sa pagkagulat ay tinitigan niya lang ang tumutunog na telepono. Atubili pa siya kung sasagutin iyon o hindi. Walang ibang nakakaalam niyon bukod sa mga piling tao lang.

Nang maisip niya na baka importante ang tawag ay inangat niya na ang receiver. “*L-Lacsamana Group of Companies*. This is Mya, how may I help you?”

“Mya?” Nagtataka ang pamilyar na tinig sa kabilang linya.

“C-Charm?” gulat na sambit niya sa pangalan nito. Best friend ito ni Aleana na isang international model na nakabase sa New York.

Pero hindi iyon ang nakapagpagulat sa kanya. Kundi ang marinig ang malungkot at tila galing sa pag-iyak na boses nito. Hindi iyon ang nakilala niyang Charm.

2

Isang oras nang nakatitig si Tristan sa blangkong canvas, pero hanggang ngayon ay wala pa siyang naiisip na maaaring ipinta. He wanted to paint a landscape dahil iyon ang expertise niya. Doon siya nakilala, natural landscape man o hindi. Pero ngayon ay hindi gumagana ang isip niya na utusan ang kamay niyang magpinta man lang ng kahit ano.

Nasa bakuran siya nang mga oras na iyon gaya ng nakagawian niya kapag nagpipinta. Sa tulong ng magandang hardin na alaga ng mama niya noong nabubuhay pa ito, ay nakakapag-isip siya. Na tila ba ang mga bulaklak at puno sa paligid ang bumubulong sa kanya ng magagandang ideya.

Ngunit nang mga oras na iyon ay tahimik ang buong paligid. Walang bulaklak o punong bumubulong sa kanya. Nasabunot ni Tristan ang sariling buhok sa pagkainis. Ilang araw na siyang aburido. Dalawang linggo na rin siyang hindi nakakagawa ng painting. Marami pang nakalinyang nagpapagawa sa kanya, pero ni isa sa mga iyon ay hindi niya pa nasisimulan.

Sa paggalaw ng ulo niya para pagmasdan ang

paligid ay napako ang mga mata niya sa partikular na bulaklak na nasa bakuran nila. Nasa ilalim iyon ng punong-kahoy at sa tulong ng puno ay hindi natatamaan nang direkta ng araw. Ang sabi ng kanyang ina, iyon daw dapat ang kalagyan ng bulaklak. Alagang-alaga iyon ng mama niya noong nabubuhay pa ito dahil bihira lang iyon dito sa Pilipinas. Napagkakakitaan pa iyon ng ina at maging ngayon ay nagkakapera pa siya sa bulaklak. Mahal kasi iyon at madalas ay sa labas pa ng bansa kailangang bumili.

Forget-me-not. Mapait siyang ngumiti nang maisip ang pangalan ng bulaklak. Dati-rati kapag nakikita niya ang mga iyon ay gumagaan ang pakiramdam niya. Pero ngayon ay wala na iyong epekto sa kanya. Mas tama pa ngang sabihin na mas bumigat lang ang nararamdaman niya nang makita ang mga ito ngayon.

Two weeks ago, he received a wedding invitation from his ex-girlfriend. His latest ex, to be exact. Apat na buwan pa lang itong nakikipaghiwalay sa kanya, pero agad nakahanap ng ipapalit sa kanya. Kinalimutan na siya nang ganoon lang. At hindi lang basta paghahanap ng nobyo ang ginawa nito, kundi paghahanap pa ng asawa! Napailing si Tristan. Isang mayamang politiko ang nasungkit

ng ex-girlfriend niya. At sa susunod na dalawang linggo na ang kasal ng mga ito. Hindi na masama.

Naaalala niya pa ang huling mga salitang binitawan ng ex-girlfriend niya nang iwan siya nito apat na buwan na ang nakakalipas.

“I want my future secured, Tristan. At hindi ko ’yun makukuha sa ’yo.”

Muli, mapait siyang ngumiti. He might not be the Philippines’ most well-known artist, pero kung ikukumpara sa mga artists na kasabayan niya pitong taon makalipas niyang matapos sa kursong Fine Arts, ay naging kilala na rin siya kahit paano. May mga nagpapagawa na sa kanya at malapit na niyang matupad ang matagal na niyang pangarap: ang magkaroon ng sariling exhibit.

Pero paano niya iyon magagawa ngayon kung ni puno o simpleng bundok ay hindi niya maipinta?

Although he got over her a month ago, naapektuhan pa rin siya sa balita. O mas tamang sabihin na nasaling ang ego niya sa ginawa nito. Minahal niya ang dating nobya kahit pa sabihing nagkulang siya ng panahon dito at madalas napapabaya.

Nawalan siya ng gana mula nang matanggap

niya ang imbitasyon. Nagulo ang utak niya at napag-isip-isip niya ang naging mga relasyon niya. Apat na beses na siyang iniwan ng mga babae dahil sa trabaho niya. Apat na beses na rin siyang pinagpalit sa mga mayayamang lalaki. Ano ba ang mali sa kanya? Mali bang sundin niya ang mula pa pagkabata ay pangarap niya na? Mali bang abutin ang pangarap niya?

Sa ginawa ng babae ay tila pinamukha pa nito na hindi niya maibibigay rito ang buhay na kayang ibigay ng politikong iyon.

Wala sa sariling napatitig si Tristan sa mga limang maliliit na petals ng forget-me-nots. At biglang-bigla ay may pumasok sa isip niya. Napangiti siya.

And then he started sketching.

“Mya!”

Napaigtad si Mya sa sigaw na iyon ni Aleana. Napaangat siya ng ulo at nakita ang babaeng papalapit sa kanya. Sa mukha pa lang nito ay alam niya nang maganda ang kinahinatnan ng lakad nito. At kahit gusto niyang makisaya rito, kailangan niyang sabihin ang isang hindi magandang balita.

Napangiwi siya sa isiping iyon.

“I’ve got good news!” anito nang makalapit ng tuluyan.

And mine is bad news, piping dugtong niya.

“Cam is a woman! Her real name is Camelia!” malapad ang ngiti na anito.

“That’s great.” Ngumiti rin si Mya. Hindi nga lang siya sigurado kung maayos ba iyon o tabingi.

Umupo ito sa harapan niya at dumukwang. “It turned out that Cam is Dad’s girl best friend. Magkasama sila sa ampunan and Mother Flor gave me her address!” Iwinagayway nito ang isang kapisasong papel. “She was adopted by a certain Trinidad family.”

“T-that’s good news.” Pinuno niya ang baga ng hangin at pagkatapos ay ibinuga.

Nahalata ng babae ang nangyayari sa kanya. Napakunot-noo ito. “Are you okay?”

Iyon na ang pagkakataon na hinihintay niya. Alam niya kung gaano kaimportante si Charm dito. Higit pa sa tunay na kapatid ang turing nito sa babae, palibhasa ay nag-iisa lamang ito na ampon ni Sir William.

“Charm called,” pagsisimula niya.

Namilog ang mga mata nito sa tuwa. “How is she?”

Umiling siya. “Not good. She was crying on the phone....” She paused for a second. “Well, more like hysterical—”

“What! Why? What happened?” Bigla itong napatayo. Just as she expected ay napuno ng pagkabahala ang mukha ng amo.

“H-her boyfriend of three years broke up with her.” Ngumiwi ulit si Mya.

“Shit!” mahinang mura ni Aleana. “Thanks, Mya,” mayamaya ay anito at pagkatapos ay nagtuluy-tuloy na sa opisina nito.

Kung nag-aalala siya para kay Charm ay mas higit pa ito. Hindi pa man siya nagtatrabaho sa *Lacsamana* ay magkasama na ang dalawa. Ayon sa kuwento ng dalawa sa kanya noon, bata pa lang ay magkapitbahay na ang mga ito at magka-level ang estado ng mga ito sa buhay. Idagdag pang pareho ang mga itong nag-iisang anak.

Halos isang oras din ang lumipas na hindi siya mapakali sa upuan niya nang sa wakas ay tumunog

ang intercom niya.

“Mya...” Boses iyon ni Aleana.

“Yes?”

“Book me a flight to New York ASAP.”

Napakagat-labi na lang si Mya.

3

Kanina pa nakatayo sa labas ng bahay na iyon si Mya, pero hanggang ngayon ay hindi niya pa rin makuhang mag-doorbell. Hindi niya alam kung ilang minuto na siyang nakatayo roon, hindi niya naorasan. Ang alam niya lang, nangangalay na ang binti niya sa kakatayo.

Panay ang buntong-hininga niya. Urung-sulong siya kung pipindutin ang doorbell o babalik na lang sa pinanggalingan niya. Nauunahan siya ng takot. Hindi niya alam kung ano ang unang sasabihin sa mayari ng bahay. Kung hahanapin ba agad si Camelia o magkukunwaring naliligaw? At kung magkaharap na sila ng babae, ano naman ang una niyang sasabihin? Na pinakiusapan siya ng anak ni William Lacsamana na hanapin ito para magkaayos na ang mga ito?

Nasa harap na siya ngayon ng bahay na sinasabing tinitirhan ni Camelia. Iyon ang isinasaad sa kapirasong papel na ibinigay sa kanya ni Aleana. Bago pa ito lumipad patungong New York kanina ay inasikaso muna nito ang lahat. Mula sa pagkukuha ng private nurse para sa daddy nito, sa pag-iwan ng kompanya sa mga mapagkakatiwalaang empleyado at pinakahuli at higit sa lahat, ang paghabilin sa kanya

na kailangang makita niya si Camelia. Isang linggo lang ang ilalagi nito sa New York. Hindi ito puwedeng magtagal dahil na rin sa mga commitments nito rito sa Pilipinas. Hindi lang talaga nito maiwan nang mag-isa ang matalik na kaibigan, lalo at wala itong ibang kasama sa New York at depressed na depressed pa.

Hindi mataas ang bakod ng bahay. Sa katunayan ay hanggang baywang niya lang ang taas niyon at gawa lang sa kahoy. Sa nakikita ni Mya sa paligid, masasabi niyang mababait ang pamilyang nakatira roon. Dahil iyon sa hindi mataas na bakod, malawak na hardin na puno ng iba't ibang bulaklak at mga puno sa gilid. Tila ba nag-aanyaya sa sinumang nasa labas na huwag mahiya at tumawag kapag nangangailangan ng tulong.

Sa naisip ay nagkaroon na siya ng sapat na lakas ng loob na mag-doorbell. Kaya bago pa siya balikan ng panghihina ng loob ay pinindot niya na ang doorbell nang tatlong beses. Magkakasunod. Pagkatapos ay hinintay niya ang paglabas ng kung sino.

Iyon ang pinapangarap niyang bahay. Hindi mansyon at hindi din naman bahay-kubo. Kundi isang simpleng bahay na masasabi niyang maaliwalas at payapa. Kung saan malayang magtatatakbo sa magandang hardin ang mga anak niya. Aliw na aliw

siya at manghang-mangha sa dami ng malulusog at makukulay na bulaklak sa hardin. Naroroon na yata ang lahat ng uri ng mga bulaklak na kilala niya at maging ang hindi niya kilala.

Nang wala pa ring lumabas ay nag-doorbell ulit siya. Tatlong beses ulit. Ilang sandali rin siyang naghintay. Nang masigurong wala nang lalabas ay tumalikod na siya. Babalik na lang siguro siya bukas ng umaga.

Akmang tatalikod na siya nang biglang magbukas ang pinto. Lumabas ang isang lalaking hanggang leeg ang haba ng buhok. Marumi ang pantalon nito na nadikitan ng iba't ibang kulay ng pintura at nakasuot ng long-sleeved polo na nakabukas ang lahat ng butones. At dahil nga nakabukas ay kita niya ang six-pack abs nito.

Parang siyang nabato-balani. At hindi niya alam kung bakit. Sanay na naman siyang makakita ng mga katulad nitong mukhang tambay sa lugar na inuupahan niya kaya bakit nagkakaganoon siya? Napalunok pa siya nang pagmasdan ang gumagalaw nitong abs.

Mya, ang halay mo!

Itinaas niya ang tingin at dumapo ang mga mata

niya sa mukha ng lalaki. Salubong ang mga kilay nito at mukhang galit. Matangos ang ilong, hindi kalakihan ang mga mata, at kahit na mukhang madumi ito dahil sa halatang ilang araw nang hindi nakakapag-ahit ay dalawang salita lang ang biglang naisip niya nang makita ang lalaki: Ruggedly handsome!

Kaanu-ano kaya ito ni Camelia? Asawa? Nakaramdam siya ng panghihinayang sa naisip.

At kung asawa nga niya iyan? Ano naman sa 'yo, ha? kastigo ng isip niya.

Sa pagkatulala ay hindi niya namalayang nakalapit na pala nang tuluyan ang lalaki at kanina pa siya kinakausap. Kung hindi pa ito pumitik sa harap ng mukha niya ay hindi pa siya magigising sa kahibangan niya. “Huh?” Para siyang namatanda.

“Ang sabi ko, sino ka at ano’ng ginagawa mo sa harap ng bahay ko?”

“Ah... eh...” Wala siyang maapuhap na sagot. Nagkahalo-halo ang mga bagay sa utak ni Mya. Si Camelia, ang mukha ng kaharap, ang katawan nito, ang mga bulaklak at ang ganda ng bahay.

Lalong nagsalubong ang mga kilay nito at tila mauubusan ng pasensya na marahas na napahinga. “Miss, hindi ka naman siguro pumunta dito, mag-

doorbell nang walang humpay at istorbohin ako sa pagtulog ko kung ang gagawin mo lang ay mag-recite ng A E I O U, di ba?”

Kung kausapin siya nito ay tila siya isang tanga. Parang biglang lumipad sa hangin ang kanina ay admiration niya sa lalaki. Nawala rin ang magandang impression niya sa bahay nito dahil hindi mabait ang may-ari niyon. Suplado!

She composed her self. Itinaas ni Mya ang baba at taas ang isang kilay na sinalubong ang tingin nito. “I’m looking for Camelia. ’Andyan ba siya?” Business-like ang tonong ginamit niya.

Lalong kumunot ang noo nito. At pagkatapos ay tiningnan siya na para siyang nababaliw. “Miss, walang Camelia na nakatira dito.”

Maging siya ay nagsalubong din ang mga kilay. “Wala akong masamang gagawin sa asawa mo. I just want to talk to her about something very important. Pagkatapos n’un ay aalis na ’ko.”

“Hindi ka ba makaintindi? Ang sabi ko, walang Camelia na nakatira dito. Ako lang mag-isa dito at at wala akong asawa,” dagdag pagtatama pa nito.

“Pero ito ang ibinigay sa ’king address!” giit niya. Itinaas niya pa nang bahagya ang hawak na papel.

“Puwes, niloloko ka lang ng nagbigay niyan sa ’yo. Sigurado akong walang Camelia na nakatira dito dahil dito ako ipinanganak at dito na rin lumaki.”

“Imposibleng lokohin niya ’ko.” Binalewala niya ang sinabi nitong wala itong asawa. Eh, ano naman ngayon kung binata ito? Ang pangit naman ng ugali!

“Paano ka nakakasigurong hindi ka niloloko? Maraming manloloko sa panahon ngayon, Miss.”

“Siguradong-sigurado,” dagling sagot ni Mya. Siyempre dahil madre ang nagbigay niyon kay Aleana. “May gusto lang akong itanong sa kanya, hindi naman ako manggugulo.”

Napahilamos ito ng mukha. Halatang pinipigil lang nito na kumawala ang galit at pinahahaba pa nang pilit ang pasensya sa kanya. Bigla tuloy siyang natakot. Parang gusto niya nang tumalikod na lang at hindi na hintayin pa sagot nito.

“Miss, alam mo bang tatlong araw akong walang tulog at patulog pa lang sana nang bulabugin mo? Kung talagang may Camelia dito, pinalabas ko na siya ng bahay para makausap ka at nang makapagpahinga na ’ko. Hindi na sana tatagal ng ganito ang usapan natin.”

Palihim na sinipat niya ulit ang mukha ng lalaki.

Halata ngang pagod ito. Nang una niyang pagmasdan ang estranghero ay natuon ang atensyon niya sa magagandang features nito. Hindi niya gaanong napansin ang pagod na malinaw na nakarehistro sa mukha nito.

“Sorry,” nakayukong hingi niya ng paumanhin. “Sige, aalis na ’ko. Pasensya na ulit sa abala.” Bukal sa loob niya iyon. Hindi niya na hinintay pa ang sagot nito at tumalikod na siya.

“Andito ka ba talaga para hanapin ang isang Camelia o gusto mo lang magpa-nude painting sa akin?” habol nito.

Napahinto si Mya sa paglalakad sa sinabi nito. Inis na nilingon niya ito. Parang biglang lumipad sa hangin ang kanina lang ay pilit niyang pagpapakumbaba. Nagsalubong muli ang mga kilay niya. “Excuse me?”

“Ang sabi ko, baka gusto mo lang gawan kita ng nude painting. Alam mo kasi, I don’t do nude. Pero kung ikaw...” sinadya nitong ibitin ang huling sasabihin at tiningnan siya mula ulo hanggang paa. “...baka pumayag ako.”

Inisang hakbang niya ang pagitan nilang dalawa at isang malakas na sampal ang ibinigay rito. “Bastos!”

“Ayoko na, Aleana! Suko na ’ko!” daing ni Mya nang ma-contact niya ang babae kinabukasan ng gabi. Ibinalita niya rito ang nangyari sa pagbisita niya sa bahay ni Camelia—o mas tamang sabihin na *dating* bahay ni Camelia.

“Pero imposible! Iyon ang binigay na address ni Mother Flor sa ’kin,” giit nito.

“Believe me, Aleana. Wala talaga. Lalaki ang nakatira doon.” Parang kagaya rin niya ang babae noong pumunta siya kahapon. Hindi makapaniwala.

“Pero—”

“Tingin ko naman nagsasabi ng totoo ’yung lalaki, eh. Mag-isa lang daw siya sa bahay na iyon,” putol niya nang igigiit na naman nito ang paniniwala. Narinig niya ang pagbuntong-hininga nito. Pagkatapos ay isang mahabang katahimikan.

“Yana? Still there?” untag niya, gamit ang nickname ng kaibigan.

“Yeah. I’m just thinking.”

Pinabayaang niya lang itong mag-isip. Tumahimik na rin siya.

“Hindi kaya lumipat sila ng bahay?” biglang sabi nito.

“Posible. Pero ang sinabi n’ung lalaki, doon na daw siya ipinanganak at doon na lumaki.”

“Baka naman hindi pa siya ipinapanganak n’ung umalis ’yung sina Camelia. Matanda na naman si Daddy, eh. How old is that guy ba?”

“Well...” Inalala niya ang mukha ng lalaki. “He’s probably in his early thirties or late twenties. I don’t know. Posible ding baby-faced lang talaga siya.”

“Pero hindi naman kasing-tanda ni Daddy?”

“Siyempre naman!” sagot niya agad.

“Guwapo ba?”

“Ha?” Na-caught off-guard siya.

Natawa ang nasa kabilang linya. “Tinatanong ko kung guwapo ba siya?”

“A-ano bang klaseng tanong ’yan?”

“Ikaw kasi, eh. Masyadong halata. Nagtanong lang ako ng tungkol sa lalaking iyon, parang bigla ka agad umiwas na para bang may takot kang sabihin sa ’kin.”

“Wala, okay?” Did she sound like that? Hindi naman yata.

“Tell me, guwapo ba?” Naging excited ang boses nito.

“Suplado,” sagot niya at itinirik ang mga mata nang maalala ang klase ng pagsagot-sagot nito sa kanya.

“Macho?” Kahit hindi niya nakikita ang mukha ng employer, alam niyang abot hanggang tainga ang ngiti nito.

“Bastos!” Naalala niya ang alok nitong nude painting. Nag-init ang mukha niya. Wala pang lalaking tumrato sa kanya ng ganoon. Ang kapal talaga ng mukha! Porque guwapo, akala yata lahat ng babaeng lumalapit dito ay may gusto na rito.

“I see. Guwapo nga at macho,” konklusyon ni Aleana.

“Hey! I didn’t say that!” alma niya.

Humagikhhik ito. “Ikaw na rin ang may sabi na baby-faced siya. Tell me, may pangit bang baby-faced?”

“Basta, ayoko na! Hindi na ’ko babalik d’un!” Hindi niya na pinatulan ang panunukso nito. Naiiling

na lang siya sa boss. Patung-patong na nga ang problema, nakuha pa siyang tuksuhin.

“Takot ka lang yatang bumalik, eh. Bakit Mya, nag-react na ba for the first time ang puso mo?” Hindi pa rin ito tumitigil sa panunukso.

“Hindi, ’no! Huwag kang gumagawa ng istorya diyan.” Narinig niya ang paghalakhak nito sa kabilang linya.

Isa iyon sa palaging tinutukso ng babae sa kanya. Miyembro siya ng no-boyfried-since-birth brigade. Hindi dahil pangit siya at walang nanliligaw sa kanya. Sa katunayan, marami na rin ang nanligaw sa kanya. Pero ni isa sa mga ito ay hindi niya pinansin dahil naka-focus ang atensyon niya sa pag-aaral at sa pagtulong sa mga magulang.

Hindi siya taal na taga-Maynila. Mula Davao City ay napadpad si Mya ng Manila dahil nakakuha siya ng scholarship sa isa sa mga unibersidad dito. Itinaguyod ng mga magulang niya ang pag-aaral niya makatapos lang siya ng kolehiyo. Kaya ngayon ay sinusuklian niya ang lahat ng sakripisyong ginawa ng mga ito para sa kanya. Hindi niya iyon matatawag na obligasyon; masaya siyang nakikitang masaya ang mga magulang niya.

Sa trabaho niya bilang sekretarya ng presidente ng *Lacsamana Group of Companies* ay marami na rin siyang naipundar para sa mga magulang. Napasakamay na rin nila ang lupang kinatitirikan ng bahay nila ngayon sa Davao. Dati kasi ay umuupa lang sila roon. Naipaayos niya na rin ang bahay nila at nabigyan niya ng kaunting negosyo ang mga magulang.

“Bakit hindi na lang tayo kumuha ng private investigator para mahanap si Camelia Trinidad? Ngayong may kaunti na tayong alam tungkol sa nakaraan nila ni Sir William, wala na naman sigurong masama para gawin iyon,” suhestiyon ni Mya para mabago ang takbo ng usapan. “Hindi natin kayang dalawa ’to. At kung kukuha tayo ng P.I., mas mapapadali ang paghahanap natin sa kanya. Magkikita pa sila ni Sir William as soon as possible at maaayos na ang anumang dapat ayusin.”

Nagtagumpay siya dahil natahimik na ito at hindi na siya tinukso.

“Ganito na lang, go back to that guy and ask him kung sila ba talaga ang unang tumira doon. Kung tama ang hinala natin na lumipat si Camelia at sila ang nakabili, baka may iniwang address sa kanila kung saan natin sunod na mahahanap si Camelia.

Siguro naman ay mayroon, di ba? I mean, iyon naman lagi ang ginagawa ng mga taong lumilipat; ang mag-iwan ng bagong address.”

“Eh, di ba nga sabi ko, doon na pinanganak ang lalaki at lumaki siyang walang Camelia’ng nakikilala?”

“Ikaw na rin ang may sabi, di ba, suplado ang lalaki at binulahaw mo ang pagtulog? Hindi pa matino ang pag-iisip n’un n’ung mga oras na iyon.”

“Pero—”

“Please, Mya?” putol nito sa tangkang pagpoprotesta niya. “Last na lang ’to. Kung andiyan lang ako, hindi ko naman ipagkakatiwala ’to sa ’yo, eh. Hindi lang talaga ako makahindi kay Charm.”

“Mag-hire na lang kasi tayo ng private investigator.”

“We’ll do that after you ask that guy again. Hindi lang talaga ako mapakali, eh. Ewan ko ba, I have this instinct na tama ang bahay na pinuntahan mo. And’un ang sagot.”

Siya naman ang napabuntong-hininga. “Ano pa nga ba’ng magagawa ko?”

Narinig niya ang relief sa paghinga nito. “Thank you so much, Mya! I owe you a lot!”

“Oo na!” nakangiting putol niya dito. “How’s Charm, by the way?” pag-iiba niya ulit sa usapan.

“Ayun, kakapatulog ko lang.” Biglang lumungkot ang boses nito. “Mula nang dumating ako ay panay ang iyak. Nang dumating ako, naabutan ko pa sa banyo na basang-basa at nakatulala. Masyado niyang dinibdib ang break-up nila, eh. Alam mo naman si Charm kung magmahal, sobra-sobra.”

Sumang-ayon siya rito. Nakita niya na noong isang beses na iwan si Charm ng boyfriend nito noong nandito pa ito sa Pilipinas. Isa sa mga dahilan kung bakit nito naisipang pumunta ng New York ay para makalimutan na nang tuluyan ang dating nobyo.

Kaya nga ayaw na ayaw niyang magmahal. Nawawala sa tamang pag-iisip ang mga babae kapag iniwan ng lalaki.

Napailing si Mya and at the same time ay naawa kay Charm.